


Edukasyon sa Pagpapakatao

Ikalawang Markahan – Modyul 4: Igagalang Ko, Anuman Ang Maging Sitwasyon Mo!



Edukasyon sa Pagpapakatao– Ikaapat na Baitang
Alternative Delivery Mode
Ikalawang Markahan- Modyul 4: Igagalang Ko, Anuman Ang Maging Sitwasyon Mo!
Unang Edisyon, 2020

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul	
Manunulat:	Josephine Bruselas-Mien, Agnes Dejuras-Nocos, Lea B. Perez, Jessica Abanto-Pura
Editor:	Mary Jean B. Brizuela, Sheila C. Bulawan, Dollie G. Franche, Irene F. Yazon
Tagaguhit:	Jed T. Adra
Tagalapat:	Jeffrey B. Sape, John Claude R. Caunca, Neil Edward D. Diaz
Tagapamahala:	Gilbert T. Sadsad, Francisco B. Bulalacao, Grace U. Rabelas, Lailanie R. Lorico, Jily I. Roces, Merlita B. Camu

Inilimbag sa Pilipinas ng _____

Department of Education – Region V

Office Address: Regional Center Site, Rawis, Legazpi City 4500
Contact: 0917-178-1288
E-mail Address: region5@deped.gov.ph

Edukasyon sa Pagpapakatao

**Ikalawang Markahan- Modyul 4:
Igagalang Ko, Anuman Ang
Maging Sitwasyon Mo!**

Paunang Salita

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.



Alamin

Napakahalaga na malaman mo na kailangan ng tao ng oras na ipahinga ang sarili. Sa pagkakataon na nagpapahinga ang isang tao lalo na kung siya ay may sakit, kinakailangan natin siyang igalang.

Kapag may nag-aaral naman, huwag maiingay. Hindi yun nakakatulong para maunawaan niya ng lubos ang kanyang gustong matutuhan.

Sa oras na may namamahinga, hinaan ang boses at volume ng radyo o telebisyon. Kailangan niya ng pahinga lalo't may sakit siya.

Sa tuwing may palatuntunan, pakinggan ang sinasabi ng panauhing pandangal. Tiyak may hatid siyang isang magandang balita.

Marapat lamang na tamang pakikinig ang ating ilaan sa isang taong nagpapaliwanag o nagtatalakay gaya ng iyong guro, pinuno ng baranggay at iba pa.

Sa pagtatapos ng modyul na ito, inaasahang nakapagpapakita ka ng paggalang sa iba sa mga sumusunod na sitwasyon:

- a. oras ng pamamahinga
- b. kapag may nag-aaral
- c. kapag mayroong maysakit
- d. pakikinig kapag may nagsasalita/nagpapaliwanag



Subukin

Pamilyar ka ba sa larawang ito? Seguro nakita mo na ito sa facebook o sa mga palabas sa telebisyon. Iguhit mo ang larawan ng timbangan sa iyong kuwaderno o sagutang papel, ilagay sa kanang bahagi nito ang mga bilang ng bagay na nagawa mo na at ginagawa mo hanggang sa kasalukuyan. Ilagay naman sa kaliwa ang mga bilang ng mga bagay na hindi mo pa nagagawa.

(Hinango ang gawain mula sa Kagamitan ng Mag-aaral sa Ikaapat na Baitang)



1. Matiyaga kong pinapakinggan ang talumpati ng panauhing pandangal sa tuwing mayroong palatuntunan sa aming paaralan.
2. Hinihinaan ko ang *volume* ng telebisyon kapag natutulog ang mga kasama ko sa bahay.
3. May pagsusulit ang aking ate bukas, kaya hindi muna ako magpapatugtog.
4. Sa kapitbahay muna ako nakikipaglaro dahil ayaw kong makaistorbo sa aking lolang maysakit.
5. Iniiwasan ko ang paglalagi sa harapan ng silid-aralan sa oras ng klase.
6. Nakikinig ako nang mabuti sa mga panuto na sinasabi ng namumuno sa palaro.
7. Iginagalang ko ang nagsasalita kahit hindi ko nagugustuhan ang kaniyang sinasabi
8. Tumitigil ako sa aking ginagawa upang pakinggang mabuti ang sinasabi ng aking nanay.
9. Kailangang maunawaan kong mabuti ang tinatalakay ng aming guro dahil magbibigay siya ng pagsusulit bukas.
- 10 Mahinang mahina lang ang pag-uusap namin ng aking kuya dahil may online class ang aming gurong nanay.

Alin ang may mas maraming bilang, ang mga bagay na nagawa mo na o iyong mga bagay na di mo pa nagagawa? Ano ang ibig ipahiwatig nito?

Aralin

1

Igagalang Ko, Maging Anuman ang Sitwasyon Mo!

Nais ng bawat isa sa atin na igalang tayo anuman ang ating ginagawa. May oras na napapagod tayo o kaya’y mayroon tayong sakit kung kaya’t kinakailangan ang pamamahinga upang ingatan at mapanatiling maayos ang ating kalusugan. Ang ating kapuwa ay dumaranas din ng ganitong uri ng sitwasyon. Paano nga ba dapat ipakita ang paggalang sa oras ng pamamahinga at kapag mayroong maysakit?

Kapag may nag-aaral at maingay ang paligid, ano kaya ang epekto nito? Nauunawaan kaya ang pinag-aaralan?

Kapag may nagsasalita o nagpapaliwanag kasama man natin sa bahay, sa paaralan o sa isang pagtitipon, ano kaya ang pakiramdam na hindi sila pinakikilingan?

Ang modyul na ito ay makatutulong sa iyo na matutuhan ang kahalagahan ng paggalang sa oras ng pamamahinga ng isang tao lalo na kung siya ay may sakit, sa oras ng kaniyang pag-aaral, at pakikinig kapag may nagsasalita o nagpapaliwanag.



Balikan

Natutuhan mo sa nakaraang modyul ang pagsasabuhay ng pagiging bukas-palad sa mga nangangailangan, at sa panahon ng

kalamidad. Balikan mo ang mga natutunan sa pamamagitan ng pagsagot sa gawain.

Lagyan ng tsek (/) ang bawat sitwasyon na nagpapakita ng pagtulong sa pangangailangan ng iyong kapuwa at ekis (X) kung hindi. Isulat ang sagot sa iyong kuwaderno.

- _____ 1. Hindi pinansin ni Ella ang pulubing namamalimos sa kaniya.
- _____ 2. Ayaw ialok ni Ramon ang kaniyang upuan sa pasaherong buntis.
- _____ 3. Ibinahagi ni Salve ang kaniyang pinaglumaang damit sa mga nasalanta ng bagyo.
- _____ 4. Malugod na tinanggap ng pamilya Jacinto ang mag-anak na biktima ng sunog sa kanilang barangay.
- _____ 5. Pinagmasdan lamang ni Karlo ang matandang lalaki na may pasang mabigat na sako ng kamote mula sa bukid.



Tuklasin

Upang magkaroon ka pa ng bagong kaalaman tungkol sa konsepto ng paggalang sa oras ng pamamahinga ng ibang tao, lalo na ng may sakit, oras ng pag-aaral, at pakikinig kapag may nagsasalita o nagpapaliwanag, basahin mo ang maikling kwento at sagutin ang mga tanong sa iyong kuwaderno.

Basahing mabuti ang kuwento.

Aming Pinakikinggan, Mahalagang Payo ni Nanay!

Isinulat ni Agnes D. Nocos

Kalalabas lang mula ospital si Lola Mameng. Mahigit isang linggo din siya doon dahil sa sakit na *pneumonia*. Pagkagaling sa ospital, doon muna siya tumuloy sa bahay ng kaniyang

panganay na anak na si Aling Josefa. May dalawang anak na lalaki si Aling Josefa. Sila ay sina Marko at Antonio.

Marko: “Naku! Andito na pala kayo lola, mano po, kumusta po kayo?”

Lola: “Eto medyo mahina pa ang aking pakiramdam”.

Nasa sala noon ang isa pang apo ni Lola Mameng na si Antonio at kaibigan nitong si Dennis at nagkukulitan habang naglalaro ng *chess*.

Antonio: Lola, bakit natagalan kayo sa ospital? Ahh, lola eto nga po pala si Dennis kaibigan ko po.

Lola: Sinabi ng doktor na kailangan ko munang manatili doon ng isang linggo para tuluyan na ang paggaling ko.

Aling Josefa: “Kayong dalawa, kung puwede pakihinaan ninyo ang inyong boses at huwag ninyong kukulitin ang inyong lola”. Kailangan niyang magpahinga nang mabuti upang mapabilis ang kaniyang paggaling.

Matapos pagsabihan ni Aling Josefa ang magkaibigang Antonio at Dennis ay tahimik na ipinagpatuloy na nila ang kanilang paglalaro. Iniwasan na muna nila ang kulitan para hindi nila maistorbo ang kanilang lola Mameng na noo’y pinagpapahinga na ni Aling Josefa sa kanilang sild-tulugan.

Aling Josefa: “Salamat sa inyong dalawa at marunong kayong pakiusapan.”

Dennis: Walang anuman po Aling Josefa.

Aling Josefa: Sige huwag din muna kayong pumunta sa kuwarto ng iyong ate at nag-aaral siya para sa kanyang pagsusulit bukas. Hindi siya dapat maistorbo.

Kinabukasan sa silid –aralan ay sabay na dumating ang magkaibigang Dennis at Antonio at tahimik itong umupo at nakinig sa sinasabi ng kanilang guro. Handang –handang na silang makinig sa mga aralin na tatalakayin ng kanilang guro para sa araw na iyon.

(**Panuto:** Sagutin ang sumusunod batay sa kuwento. Isulat ang sagot sa iyong sagutang papel.)

1. Paano ipinakita nina Antonio at Dennis ang kanilang pagmamalasakit kay lola Mameng?
2. Sa iyong palagay, tama ba ang ginawa ng magkaibigang Antonio at Dennis? Pangatwiran.
3. Bakit kailangang igalang ang mga taong:
 - a. nagpapahinga
 - b. may sakit
 - c. nag-aaral
 - d. pakikinig kapag may nagsasalita o nagpapaliwanag



Suriin

Ang paggalang ay karaniwang ikinakabit sa pagmamano, at paggamit ng po at opo na ginagawa para sa mga nakatatanda. Subalit ang paggalang ay kailangang ibigay sa lahat anuman ang kanilang gulang o katayuan sa buhay sapagkat sila ay iyong kapuwa. Ang paggalang ay pagbibigay ng mataas na pagpapahalaga sa isang tao. Mahalaga ang kanilang kapakanan kaya't kailangang isinasaalang-alang ito. Maipapakita mo ito sa oras ng kanilang pamamahinga, kapag sila ay nag-aaral, kapag mayroong may sakit at sa pamamagitan ng pakikinig kapag may nagsasalita o nagpapaliwanag.


Mahalagang maipahinga ng isang tao ang kaniyang sarili lalo na kung siya ay maysakit. Sa pamamagitan ng hindi paggawa ng ingay naipapakita mo ang paggalang sa oras ng kaniyang pamamahinga at kung siya ay maysakit.

Sa oras naman na may kapuwa ka batang nag-aaral, kailangan niya ang katahimikan para mas lalo niyang maintindihan ang kaniyang ibig matutuhan. Ang hindi mo pag-istorbo sa kaniyang ginagawa ay naipapakita mo ang paggalang.

Kapag nasa silid-aralan naman at nagpapaliwanag ang guro, kailangan mong makinig nang mabuti. Nang sa ganun, madali mong maiintindihan ang kaniyang sinasabi o

ipinaliliwanag. Lagi mong tatandaan na sa tamang pakikinig, tamang pagkatuto ang iyong makakamit.

Totoo ito kung ang iyong magulang, kapatid o maging ang iyong kalaro ang nagsasalita o nagpapaliwanag. Ang pakikinig ang susi sa pagkakaunawaan ng dalawang tao. Maiiwasan ang hindi pagkakaunawaan kung ang bawat isa ay pinapakinggan.




Pagyamanin

Ang mga gawain dito ay mas lalong magpapatibay sa iyong mga pag-unawa at kasanayan tungkol sa paggalang sa oras ng pamamahinga ng isang tao, lalo na sa may sakit, sa oras ng kaniyang pag-aaral, at pakikinig kapag may nagsasalita o nagpapaliwanag.

Pag-aralan ang mga larawan ng bawat sitwasyon at sagutin ang mga gabay na tanong sa iyong kuwaderno.


PICTURE ANALYSIS.

A. – Paggalang sa oras ng pamamahinga o kung maysakit



Sang-ayon ka ba sa ipinamalas ng batang lalaki na nasa larawan? Bakit? Ganiyan rin ba ang iyong gagawin? (Gagawin mo rin ba ito? Bakit?)

B. – Paggalang kapag may nag-aaral



<https://.google/search?q=mga+activities=involving=paggalang=images&tbm=isch&ved=2ahUKEwjMyOWWPnsA>

1. Sang-ayon ka ba sa inasal ng dalawang bata sa larawan? Bakit?
2. Kung makakasaksi ka rin ng katulad na tagpo, ano ang iyong gagawin? Bakit?

C. – Pakikinig kapag may nagsasalita/ nagpapaliwanag



1. Nasisiyahan ka ba sa ipinamamalas ng mga bata sa larawan? Bakit?
2. Anong pagpapahalaga ang kanilang ipinakikita? Sang-ayon ka ba dito? Ipaliwanag.

Paano mo ilalarawan ang isang batang nagtataglay ng mga nabanggit na kasanayan?



Isaisip

Sa pamamagitan ng pagpuno sa patlang ng maikling talata, ipahayag mo ang iyong natutunan sa araling ito.

Ang pagpapakita ng paggalang tuwina sa ibat ibang sitwasyon ay tanda ng _____
sapagkat _____.




Isagawa

Ang lahat ng konseptong natutunan mo sa araling ito ay mananatiling sa isip lamang kung hindi mo maisasabuhay. Obserbahan ang iyong sarili kung paano ka nakapagpapakita ng **paggalang sa kapuwa** sa sumusunod na paraan:

- A. Oras ng pamamahinga
- B. Kapag may nag-aaral
- C. Kapag mayroong may sakit
- D. Pakikinig kapag may nagsasalita/nagpapaliwanag

Isulat sa bawat bagon ng tren ang paraan ng paggalang na binanggit sa itaas at kung sinong kapuwa ang tumanggap ng paggalang. Isulat din ang iyong kilos na ginawa.

Dagdagan ang bagon ayon sa kailangang bilang. Gawin ito sa inyong sagutang papel.





Tayahin

Sukatin mo ngayon ang antas ng iyong pagkatuto sa araling ito. Sagutin ang mga katanungan sa pamamagitan ng pagsulat ng salitang **Wasto** kung ang situwasyon ay nagpapakita ng paggalang at **Di-Wasto** kung hindi. Isulat ang sagot sa kuwaderno.

- _____ 1. Ipinapanalangin ng taimtim ang taong maysakit.
- _____ 2. Dahan-dahan at maingat na isinasara ang pinto ng silid-tulugan kapag may natutulog.
- _____ 3. Ipinapaliban muna ang paglalaro kapag may nagpapahinga.
- _____ 4. Hinihinaan ang *volume* ng telebisyon dahil natutulog pa ang nakababatang kapatid.
- _____ 5. Hindi ginagambala ang kapuwa batang nag-aaral.
- _____ 6. Nakikipaghabulan sa kamag-aral habang nagbibigay ng mensahe ang panauhing pandangal.
- _____ 7. Tahimik na nakikinig sa guro sa oras ng talakayan.
- _____ 8. Pasigaw na tinatawag ang kapatid kahit may nagpapahinga sa silid-tulugan.
- _____ 9. Kinukuha nang walang paalam at pinaglalaruan ang kwaderno ng kamag-aral.
- _____ 10. Ginigising ang magulang na nagpapahinga upang sagutin ang tawag sa telepono.



Karagdagang Gawain

Gawin mo ang panibagong gawain upang mapayabong ang mga kasanayan na dapat mong isabuhay. Piliin at punuan ang patlang ng tamang sagot mula sa kahon sa ibaba.

Sa oras ng pamamahinga	nag-aaral	maysakit
paggalang	makinig	respeto

Ang _____ ay katulad din ng pagbibigay ng _____ sa kapuwa. _____, lalo na kung siya ay _____, atin siyang igalang. Huwag gumawa ng ingay kaapag may isang baatang katulad mo na _____. Kailangan niyang maintindihang mabuti ang leksiyong kanyang pinag-aaralan. Sa oras na mayroong nagsasalita, kailangan mong _____ sa kaniya ng mabuti. Sa ganoong paraan maiintindihan mo ng maayos ang kaniyang sinasabi.

Nasiyahan ka ba sa mga gawain? Sa palagay mo makakatulong bai to sa paghubog ng iyong pagiging mabuting tao?



Susi sa Pagwawasto

Subukin

Mga inasahang sagot na nasa kaliwang timbangan: 5, 7, 9

Mga inasahang sagot na nasa kananang bahagi ng timbangan: 1, 2, 3, 4, 6, 8, 10

- Maaaring magkakaiiba-iba ang sagot ng mga mag-aaral dito

Balikan

1. X
2. X
3. /
4. /
5. X

Tuklasin

1. Sinunod nila ang payo ni Aling Josefa na huwag maingay at igalang ang namamahinga lalo kung may karamdaman o sakit
2. Tama, Oo, dahil nagpakita siya ng pagmamalasakit kay Iola Marneng at iginagalang niya ang pagpapahinga nito.
3. Magtala ng mga dahilan kung bakit kailangang igalang ang mga taong:
 - a. nagpapahinga: para maayos na makapapahinga
 - b. may sakit: para makapapahinga ng maayos at gumaling kaagad sa pagkakasakit
 - c. nag-aaral: para maayos na masagutan ang pagsusuli
 - d. pakikinig habang may nagsasalita: para

Pagyaamanin

Gawin 1
Maaaring magkakaiiba-iba ang mga sagot ng mga mag-aaral.

Gawain 2
Tanong 1 at 2 maaaring magkakaiiba-iba ng sagot.

Gawain 3
Tanong 1 at 2 maaaring magkakaiiba-iba ng sagot.

Isaisip

*Maaaring magkakaiiba-iba ng sagot.

Karagdagang Gawain

Ang **paglalang** ay katulad din ng pagbibigay ng **respeto** sa kapuwa. **Sa oras ng pamamahinga**, lalo na kung siya ay **maysakit**, siya ay ating igalang. Huwag gumawa ng ingay kapag may isang batang katulad mo na **nag-aaral**. Kailangan niyang mainindihanang mabuti ang leksiyong kanyang pinag-aaralan. Sa oras na mayroong nagsasalita, kailangan mong **makinig** sa kaniya ng mabuti. Sa ganoonng paraan mainindihan mo ng maayos ang kaniyang sinasabi, lalo kung ito ay importante.

Isagawa

Maaaring magkakaiiba-iba ang sagot ng mga mag-aaral

Pagtataya

Wasto 6. Di-wasto
Wasto 7. Wasto
Wasto 8. Di-wasto
Wasto 9. Di-wasto
Wasto 10. Di-wasto

Sanggunian

Edukasyon sa Pagpapakatao 4, Kagamitan ng Mag-aaral, Unang Edisyon 2015

Edukasyon sa Pagpapakatao 4, Patnubay ng Guro

[https://www.google.com/search?q=black+and+white+toy+train+images&tbm=isch&ved=2ahUKEwiP-](https://www.google.com/search?q=black+and+white+toy+train+images&tbm=isch&ved=2ahUKEwiP-PjTmPDtAhVMEogKHQy3AjYQ2-cCegQIABAA&oq=black+and+white+toy+train+images&gs_lcp=CgNpbWcQAz)

[PjTmPDtAhVMEogKHQy3AjYQ2-](https://www.google.com/search?q=black+and+white+toy+train+images&tbm=isch&ved=2ahUKEwiP-PjTmPDtAhVMEogKHQy3AjYQ2-cCegQIABAA&oq=black+and+white+toy+train+images&gs_lcp=CgNpbWcQAz)

[cCegQIABAA&oq=black+and+white+toy+train+images&gs_lcp=CgNpbWcQAz](https://www.google.com/search?q=black+and+white+toy+train+images&tbm=isch&ved=2ahUKEwiP-PjTmPDtAhVMEogKHQy3AjYQ2-cCegQIABAA&oq=black+and+white+toy+train+images&gs_lcp=CgNpbWcQAz)

<https://www.google.com/search?q=mga+activities=invol=paggalang=images&tbm=isch&ved=2ahUKEwjMyOWWPnsA>

Creative Commons: <https://pixabay.com/illustrations/silhouette-scales-justice-scale-3267887/>

Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph